

## Paano sukatin ang laki ng kayumangging oso

**●Taas** Mula ilong hanggang buntot




**●Bakas ng paa** Ang lapad ng paa




**Kung makakita kayo ng oso o mga bakas malapit sa pinaninirahan ng mga tao, mangyaring tumawag sa pulisya o sa Opisina ng Munisipalidad**

## Mag-ingat sa mga kayumangging oso!

Sundan ang SNS at download ang apps

Ang kaanyuhan ng mga kayumangging oso sa mga lungsod na lugar ng Hokkaido ay nagging malaking problema nitong mga nagdaang taon.

Sa aksidenteng pangyayari na nagbunga ng pinsala o kamatayan dahil sa kayumangging oso sa Hokkaido, mga babala at iba pang mga alerto ay ibinigay, at ang impormasyon ay ipinahahayag sa SNS at iba pang paraan.

Magpatala para sa mga alerto at maghanda sa paglitaw ng mga oso .

i-tsek ito!

### Kayumangging Oso Hokkaido Mga Babala at Alerto

Hokkaido Government Official Twitter
@PrefHokkaido

**Yahoo!**
**Disaster Alert**

**Hokkaido Gov. HP**
**Brown Bear Warnings**

Upang ikaw at mga oso ay mag-iral

# Pamumuhay kasama ng Kayumangging oso

Kayumangging oso sa Nihonggo ay “Higuma ヒグマ”

Siguruhing tandaan ang katagang ito!

**Maraming mga lugar ng Hokkaido ay tirahan ng mga kayumangging oso.**



**Hokkaido Environment and Living Division**

Nagsalin: Hokkaido Foreign Resident Support Center
Hokkaido International Exchange and Cooperation Center (HIECC)

## Buhay at Gawi

**Lalake**

Taas: kulang ng 2.0m
Timbang:150～400kg

**Babae**

Taas: 1.5m (tantiya.)
Timbang: 100～200kg



**Tenga**
Napakagaling na pandinig
Maselan sa tunog

**Mata**
Ang Pananaw ay mahusay kaya sila ay nakakakilos araw at gabi. Tila bagang hindi sila makakita ng bagay sa malayuan

**Ilong**
Maselang pang-amoy. Nakakatuklas kahit nakabaong pagkain.

**Pag-uugali**
Mag-isang naglalakbay o mag-inang pares kaysa maramihan. Halos karamihan ay maingat at umiiwas sa mga tao.

**Katawang Abilidad**
Mabilis gumalaw. Mapapatumba ang isang baka ng isang palo.

## Mag-ingat sa mga ganitong gawain

**Teritoryo ng oso**

Huwag mag-iwan ng basura na makakaakit sa mga oso. Iwasan ang paglabas sa gabi o makulimlim kung mayroong balita na may osong nakita. Ang paglakad sa aso ay mapanganib dahil ang tahol ay maaaring makagalit sa oso

**Pangunguha**

Ang mga ligaw na halaman ay karaniwang tumutubo sa mga lugar ng oso.Gumawa ng ingay at iwasang lumakad ng mag-isa habang nagunguha .

**Kamping**

Huwag mag-Kamping sa may mga bakas ng oso.

**Pamumundok**

Ang kabundukan ay tirahan ng mga oso kaya makakatagpo ito kahit saan. Mataas ang posibilidad na makatagpo ang mga oso sa umaga at sa paglubog ng araw.

**Pangingisda**

Ang tunog ng daloy ng tubig ay nagbibigay ng hirap na magkarinigan para sa tao at oso kaya kailangan ng pag-iingat.

## Taon ng Oso
## bear's year

MARAMING AKSIDENTE!

MARAMING AKSIDENTE!

| Pagtulog sa Tag-lamig / Panganganak | | | Tapos ng Pagtulog | | Paghiwalay ng mga oso sa mga magulang, Panahon ng pag-aanak | | Kaunting pagkain na natitira sa mga kabundukan Pinsala sa agrikultura | | Paghahanda para sa Pagtulog | | Pagtulog |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Enero | Pebrero | Marso | Abril | Mayo | Hunyo | Hulyo | Agosto | Setyembre | Oktubre | Nobyembre | Disyembre |

## Pag-iingat ng mga aksidente sa mga kayumangging Oso

### Paano makaiwas sa mga oso kung aakyat ng bundok, Hiking, at manguha ng pagkain

**Magsiyasat tungkol sa mga oso bago umalis!**

Magsiyasat ng impormasyon tungkol sa paglitaw ng mga oso sa mga homepages ng munisipalidad, social media, pahayagan, TV, radyo, o sa mga lunsuran para sa mga dayuhan.

**Gumawa ng ingay habang naglalakad!**

Sa halip na mag-lakad ng mag-isa, makipag-usap sa ibang tao na magbibigay ng senyales sa mga oso ng inyong kinaroroonan at sila ang iiwas sa inyo.Maaari rin kayong magdala ng kuliling, umihip ng silbato, o pumalakpak sa mababang lugar na mahirap makita.

**Kung makakita ng mga bakas ng oso**

Magmasid sa mga bakas ng paa, mga dumi o tae, at mga marka ng kagat. Kung kayo ay makakita nito, kailangan ninyong bumalik.



Bakas ng paa



Mga tae



Mga kagat

### Ano ang gagawin kung makatagpo ng oso?

**Kung makakita ng kayumangging oso sa malayuan**

Maging kalmado at suriin ang sitwasyon. Kung hindi napansin ng oso, umalis sa lugar nang tahimik.

**Kung kayo ay napansin ng oso**

Umalis nang tahimik sa lugar habang nakamatyag sa mga kilos ng oso.. Ang pagmamadali ay magiging sanhi ng aksidente kaya manatiling kalmado Sa mga normal na pangyayari, ang oso ang kusang aalis..

**Kung napapalapit ang oso**

Huwag alisin ang paningin sa oso. Dahan-dahang umatras habang nakamatyag sa mga kilos ng oso.

**Ang pagtakbo ay isang pagpapakamatay**

Huwag pukawin ang oso, maging kalmado at maingat na umatras habang nakamatyag sa mga kilos ng oso.

**Ang Inang oso ay madalas na kalapit ng batang oso**

Huwag lapitan sa dahilang sila ay cute!

Kung makakita ng batang oso, huwag lapitan. Umalis agad sa lugar. Ang mga inang oso ay aatake upang maprotektahan ang anak.

**Kung naatake**

Hindi 100% na perpektong solusyon

Rekomendado sa Hilagang Amerika na dumapa sa lapag at takpan ng kamay ang batok upang maiwasan ang malalang sugat. May mga ilang kaso sa Hokkaido na ang sugat sa leeg ay napakadelikado. May mga spray na panlaban sa oso na makapipigil sa pag atake nito..




**Paano naaakit ng tao ang oso?**

**Ang kayumangging oso ay masyadong mahilig sa pagkain. Kung natandaan nito ang lasa ng pagkain ng tao tulad ng mga basura mula sa kusina (kabilang ang compost), prutas o pinatuyong isda, ito ay walang takot sa tao na magsisimulang magpabalik-balik sa bahay ng tao. Ang mga taong naninirahan sa lugar na madalas puntahan ng oso at mga taong madalas pumunta sa bundok ay nararapat na mag-ingat nang maiwasan ang delikadong sitwasyon**



Kompost



Cherries